Women with Disabilities Australia (Kababaihang may Kapansanan Australya)

Aklat 1

Ang karapatan mong maging ligtas mula sa karahasan

Women With Disabilities Australia (WWDA)

Nasa panganib ngayon

Tumawag sa **000**

Kami ang Women with Disabilities Australia. Isusulat namin ang mga titik na **WWDA** kapag nag-uusap tayo tungkol sa amin.

Aklat 1.

Ang aklat na ito ay tungkol sa **karahasan.**

Basahin sa aklat na ito kung ano ang karahasan **Mga bagong salita.**

Ang aklat na ito ay para sa mga kababaihan at mga batang babae na may **kapansanan**. Alamin ang tungkol sa kapansanan sa aklat na ito **Mga bagong salita**.

Mga kababaihan at mga batang babae na may kapansanan

Maraming kababaihan at mga batang babae na may kapansanan ang namumuhay na may karahasan sa kanilang buhay. Ito ay nangyayari sa iba't ibang mga lugar. Gaya ng

- mga bahay o lugar na kung saan may maliit na grupo ng mga taong walang relasyon sa isa't isa

- mga ospital

- sa tahanang pampamilya

Ang karahasan ay maaaring mangyari rin

- sa mga paaralan

- sa mga lugar ng trabaho

- sa mga bilangguan.



Lahat ng karahasan laban sa mga kababaihan at mga batang babae na may kapansanan ay masama.



Lahat ng kababaihan at mga batang babae na may kapansanan ay may karapatang maging ligtas mula sa karahasan.

Lahat ng uri ng karahasan ay labag sa batas.

Women With Disabilities Australia (WWDA)

Ang WWDA ay naninindigan para sa mga kababaihan at mga batang babae na may kapansanan na namumuhay na may karahasan.

Ang iyong mga karapatan

Ikaw ay may karapatang maging ligtas mula sa karahasan.

May mga batas na makakatulong sa iyo.

Mayroong Pinagkasunduan ng Mga Bansang Nagkakaisa tungkol sa mga Karapatan ng mga Tao na may Kapansanan (United Nations Convention on the Rights of Persons with Disabilities-UNCRPD).

Isusulat namin ang **UNCRPD** kapag pinag-uusapan natin ito.

Nararapat na sundin ng Australya ang **UNCRPD.**

Nararapat na gawin ng Australya ang lahat ng makakaya nito upang matigil ang karahasan laban sa mga kababaihan at mga batang babae na may kapansanan.

Tandaan!



Ikaw ay may karapatang maging ligtas mula sa karahasan.



Maaari kang makipag-usap sa isang tao tungkol sa **karahasan**

1800 Respect

Tawagan ang numerong 1800 737 732

O

Makipag-usap online sa www.1800respect.org.au

Maaari mong gamitin ang National Relay Service sa 1800Respect

Tawagan ang numerong 1800 555 677

TTY 133 677

Hilingin ang numerong 1800 737 732

Kailangan ng tagasaling-wika

Tawagan ang numerong 131 450

Hilingin ang numerong 1800 737 732.

Salamat

Sino ang sumulat ng aklat na ito?

Ang Kababaihan na may Kapansanan Australya ang sumulat ng aklat na ito noong 2019-2020.

Ang aklat na ito ay para sa pangkalahatang edukasyon at impormasyon lamang.

Pag-aari ng akda

© Pag-aari ng akda

Women with Disabilities Australia (WWDA) Inc. 2020.

Lahat ng mga karapatan sa intelektuwal na pag-aari, kabilang ang pag-aari ng akda at mga patente, na nasa aklat na ito ay pag-aari at lisensiyado ng Women with Disabilities Australia Inc.

Salamat sa iyong donasyong salapi

Ang Pambansang Paraan ng Seguro para sa May-Kapansanan ay nagbigay ng salapi sa Women with Disabilities Australia upang tumulong mailikha ang website na ito.

Ang mga larawang ginamit sa papel-kaalamang ito

Easy on the I Images © 2019 Leeds at ang York Partnership NHS Foundation Trust. Ginamit nang may pahintulot. www.easyonthei.nhs.uk

The Picture Communication Symbols © 2019 ng Mayer Johnson LLC, isang kompanya ng Tobii Dunavox. Ginamit nang may pahintulot**.** www.tobiidynavox.com

Mga logo. Ginamit nang may pahintulot.